


Aralin 9

# "Gawin Ninyo Ito Para sa Akin"

*Mateo 25:31-46*

**Layunin:** *Pagkatapos ng araling ito…*

- *Maiintindihan ninyo kung anu-ano ang mga ebidensiyang magpapatunay na ang isang tao ay ligtas o hindi ligtas.*
- *Magkakaroon kayo ng dagdag na habag at pag-ibig sa mga taong nangangailangan bilang pagpapahayag ng inyong pag-ibig kay Cristo.*
- *Magpaplano kayo kung ano ang isang bagay na gagawin ninyo para sa mga taong higit na nangangailangan.*

## Panimula

1. Anong isang bagay ang tungkol sa iyo (karanasan o katangian) ang sa tingin mo ay hindi pa nalalaman ng karamihan sa grupo?

***Tulay sa Pag-aaral:*** Kahit matagal na ang pinagsamahan natin, marami pa ring mga bagay ang tungkol sa mga kasama natin ang hindi natin alam. Ang ilan ay karaniwang impormasyon lang, ngunit ang iba ay nakakatuwa at nakakagulat. Ganoon din sa mga taong nagsasabing Cristiano sila at tagasunod ni Cristo. Hindi natin alam ang lahat sa kanila. Minsan akala natin Cristiano ang isang tao, ngunit hindi pala. Darating ang araw na maaaring magkakagulatan din kapag nalantad na ang tunay na kulay ng mga tao. Ito ay ang Araw ng Paghuhukom sa pagdating muli ng Panginoong Jesu-Cristo. Pag-aaralan natin ito ngayon sa Mateo 25:31-46 at titingnan kung ano ang nais ituro ni Cristo dito tungkol sa relasyon natin sa kanya sa pamamagitan ng relasyon din natin sa iba.

## Pagsasaliksik

2. Basahin ang verses 31-33. Isalarawan kung ano ang mangyayari sa muling pagdating ng Panginoong Jesus. Bakit sa tingin mo mahalagang maunawaan natin ito?

3. Mula verses 34-40 ay ipapakita ni Jesus ang paghatol sa mga "tupa" at sa verses 41-45 naman ay ang sa mga "kambing." Basahin ang verses 34, 41, at 46. Ano ang malaking pagkakaiba ng sasapitin ng mga kabilang sa mga "tupa" at ng kabilang sa mga "kambing"? Sa kabila nito, gaano kahalagang matiyak ng isang tao kung saan siya makakabilang sa araw na iyon? Bakit sa tingin mo maraming tao ang hindi iniintindi ito o walang pakialam dito?

4. Basahin ang verses 35-36 at 42-43. Ang ipinapakita dito ay ebidensiya kung bakit magkaiba ang naging hatol sa dalawang grupo. Hindi ito nagtuturo na ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng gawa. Malinaw na ang kaligtasan ay sa biyaya lamang ng Diyos. Ebidensiya ang pinag-uusapan dito, ang nakitang bunga ng pananampalataya. Sa mga talatang ito, anong klaseng relasyon kay Cristo ang naghihiwalay sa dalawang grupo?

5. Basahin ang verses 37-39 at 44. Ano ang ipinagtataka dito ng parehong grupo? Pansinin ninyo ang salitang ginamit nila sa pagtawag kay Jesus, "Panginoon." Ano ang pagkakaiba ng dalawang grupong ito sa pagtawag kay Jesus na Panginoon? Ano ang mahalagang aral ang matututunan natin dito (tingnan ang Mateo 7:21)?

6. Basahin ang verses 40 at 45. Ano ang naging paliwanag ni Jesus sa tanong ng dalawang grupo? Ano ang ipinapakita nitong dapat na maging relasyon natin sa ibang tao (lalo na sa mga nangangailangan) kung sinasabi nating may relasyon tayo kay Cristo?

7. Paano tayo dapat makitungo sa iba ayon sa natutunan ngayon? Ano dapat ang pagtingin natin sa mga taong mahihirap, api, at problemado?

## Pagsasabuhay

8. Anong grupo ng tao na higit na nangangailangan ang inilagay ng Diyos sa iyong puso ngayon upang pagpakitaan ng pag-ibig ng Diyos? Ano ang nakikita mong maaari mong gawin para sa kanila?

9. Pagkasunduan ng grupo kung paano ipapakita ang pag-ibig kay Cristo sa pamamagitan ng pagtulong sa mga taong nangangailangan (hindi members ng church). Gumawa ng kongkretong plano at mga hakbang na gagawin.